

# CHAPTER *One*

*P*ortiere 82.  
Isa lang iyong simpleng pinto sa tabi ng isang coffee shop sa Paris. Pagpasok doon ay hindi mo matutukoy kung anong negosyo mayroon ang maliit na opisina na may 18th Century ottoman na mga upuan. Basta may mga pagkakataon na natitipon doon ang mga sekretarya ng makakapangyarihang at mayayamang tao sa buong mundo tulad ng mga hari at mga presidente. Isa iyong brothel, pero hindi tulad ng mga dating brothel sa Paris kung saan makakakita ng hilerang magaganda at seksing mga babae, walang ganoon sa coffee shop na iyon. Wala na.

Online na rin lahat ngayon kaya kung kailangan

ng kahit sino sa coffee shop na iyon ng babae ay pupunta lang sila sa website na may napaka-exclusive na membership at kaunti lang ang nakakaalam. Naroon na ang lahat sa website—ang pinakamagandang modelo—brunette, blonde, Caucasian, African, Asian.... pipili na lang sila ng pantasya nila.

Kung may nagpupunta pa man sa *Portiere 82* sa panahong ito, karaniwan ay para mag-file na lang ng membership.

“Thank you, monsieur,” sabi ng French madame habang tinatanggap ang cheke galing sa isang kliyente. May bagong member ang site nila ngayon, isang *emir* galing Middle East at mahilig sa mga maiitim ayon sa Arabong kaharap niya ngayon. Perpekto dahil may mga fashion model galing sa Eritrea, Africa at sa Ethiopia na nagsa-sideline sa kanya bilang escort girls.

Nang lumabas na ang Arabo ng kanyang opisina ay kinausap ni Madam ang isang contact sa *Skype*. May ipapagawa kasi siyang sex video dahil may tao siyang balak paghigantihan. May nakilala siyang British-Filipino dalawang na taon na ang nakakaraan. Isa itong industrialist, si Waldo Zachary Davidson. Ipinakilala ito sa kanya ng isang English earl. Charming ito, matalino, at malambing. Siguro

namana nito sa Filipinang ina ang huling ugali.

Unang kita pa lang ay attracted na siya rito. Hindi nga niya maintindihan pero mahilig talaga siya sa mga Asyano na matatangkad. She pursued him at bumigay naman ang lalaki kaya nagsimula ang kanilang love affair around the globe. Binibisita niya ito saan man ito mapadpad dahil sa negosyo nitong silver mining at plantasyon ng saging.

Banana King ang bansag niya rito at nag-e-export ito ng tone-toneladang saging mula Asia at Costa Rica papuntang Europe.

Masaya ang relasyon nila kahit na open relationship iyon at tanggap niyang itinatago ng lalaki ang pakikipagtagpo nito sa kanya dahil sa trabaho niya bilang 'madame' ng isang brothel. Pero nagising siya isang umaga na mahal na niya ito.

Waldo Zachary Davidson was everything she wanted in a man. Kung hihilingin nito na iwan niya ang lahat—ang negosyo, pera, at kayamanan—gagawin niya para lang makasama ito habang-buhay.

So she proposed marriage to him.

And he flatly said no. At hindi na nagpakita.

Nagmakaawa siya nang ilang beses, pero ayaw na talaga ng lalaki. And she thought of the best way to ruin a person: a sex video! Binalaan nga niya na sisirain niya ito.

“*Hell, do whatever you want to do!*” sabi nito.

Puwes, gagawin niya talaga! Nagmamalinis lang ang lalaki dahil maganda ang reputasyon nito. Once ruined ay magkaka-level na sila at babalik din ito sa kanya.

At lumabas ang hitsura ng contact niya sa *Skype*. Isa itong Amerikano na may negosyong illegal sa world wide web: hacking, phishing, at iba pa.

“I need a sex video,” sabi niya rito. “I have a footage here of a guy. I want you to use his face on this porn video I am also forwarding.” Ipinaliwanag niya nang maigi ang gustong mangyari. Gusto niya lang na ilipat ang mukha ni Waldo sa isang porn video para magmukhang ito ang kaniig ng babae.

Nagkasundo sila ng Kano at binayaran niya ito online. Pagkatapos ng tatlong linggo ay hawak na niya ang video. Habang pinapanood ang video ay bigla siyang nag-alinlangan. Ang babae kasi sa porn video ay isang sikat na porn star na alam niyang girlfriend ngayon ng isang Italian Mafia. Baka magalit at matukoy na siya ang nagpagawa ng video at resbakan siya kaya tinawagan niya uli ang Amerikano.

“I want the face of the girl to be changed. Maybe an Asian girl will do. I’ll forward the additional payment.”

Pagkatapos ng isang buwan ay tapos na ang video. Kung ordinaryong mata lang ang susuri ay hindi talaga mahahalata na pinalitan lang ang mukha at ulo ng mga tao na nasa sa porn video. Totoong-totoo talaga iyon.

Napatingin siya sa hitsura ng Asyana. Hindi niya alam kung sino iyon, but thank you.

Minessage niya uli ang contact para sabihing i-upload na ang video sa lahat ng porn sites.

“Yes, madame!” tugon ng Amerikano.

“I’ll destroy you, Waldo, and you’ll be crawling back to me!” sabi niya sabay halakhak.



Sabado ng umaga at inaasahan nang magiging abala ang lahat sa kombento ng *Church of Mary Claret* sa Tandang Sora. Magdadaos kasi sila ng feeding program sa *PANTRANCO* kung saan maraming kabahayan ang nasunog noong isang araw. Si Eloida ang unang dumating. Sekretarya kasi siya ng pari. Dalawang taon na siyang naninilbihan sa simbahan.

Mga bandang alas diez, nagdatingan ang mga kasamahan niya sa *Church Handmaidens*, ang grupong kinabibilangan ng mga biyuda, ginang, at matatandang dalaga. Karamihan sa kanila ay sa malapit lang umuuwi. Tumutulong sila kay Padre

Salmorin kapag may kailangan ito sa kanilang parokya.

Pagdating ng iba ay chismisan agad ang inatupag ng lahat. Si Esther raw ay may nakilalang taga-Army sa *Facebook* at parang iiwan na ang na-paralyze na asawa.

Siyempre, bagong tsismis kaya tulo-laway rin na nakinig si Eloida.

Ikinukuwento ni Divina kung saang motel nagtatagpo ang dalawa nang dumating si Padre Salmorin.

“Nagsisilbi kayo sa Diyos pero kay aga-aga ay chismis na agad ang inaatupag n’yo!” sermon ng high blood na pari.

Natahimik silang lahat at itinuon ang kani-kanilang atensyon sa pagbabalot ng mga instant noodles at bigas, pero nang iwan sila ng ng pari ay nagpatuloy ang chismisan hanggang sa ihatid sila ng van doon sa *PANTRANCO*.

Nang marami nang nakapila para sa kanilang inihandang sopas ay hindi na sumali si Eloida sa mga kagrupo na kahit nagbibigay ng relief goods ay sige pa rin sa pagchichismis sa buhay ng iba. Darating kasi mayamaya si Padre Salmorin at baka maabutan na naman sila. Ayaw niya kayang masabon.

Maayos ang naging takbo ng kanilang feeding

program. Mukhang na-appreciate ng mga tao ang kanilang munting tulong. Nagkaproblema lang nang dumating ang kasamahan nilang si Nenita. May ipinakita ito kay Divina sa cell phone at sa unang pagkakataon ay natahimik talaga ang bunganga ni Divina. Napatingin ito pagkatapos kay Eloida.

Natigilan din si Eloida dahil iba talaga ang tingin nito sa kanya, pero ipinagpatuloy niya ang paglagay ng sopas sa baso dahil may nakapilang mga bata. Mayamaya, nakita niyang nagtumpukan ang mga kasamahan sa gilid. Gusto nga rin sana niyang makitumpok ngunit siya ang in-charge sa kaldero. Itinuon na lang niya ang atensyon sa ginagawa.

At hindi talaga matigil ang kakatitig ng lahat sa kanya. May dumi ba siya sa mukha? May nagawa ba siyang mali? Mayamaya, kinalabit siya ni Dada.

“Eloida, puwede ka bang makausap sandali?”

“Sige.” Iniwan niya ang ginagawa sa isang kasamahan at bumuntot kay Dada papunta sa barangay hall na nasa gilid lang ng pinagdausan nila ng feeding program..

“Eloida, ano’ng video ba ’yon? Nakita ka raw ng anak na binata ni Nenita sa XXX site.”

“Anong XXX site?” tanong niya.

“Yong mga bomba!”

“Anong bomba? Water pump?” Bomba kasi ang

tawag ng Ilongga niyang lola sa water pump.

“Bruha! Ibinuyangyang mo na nga ang kaluluwa mo roon, ’tapos magmamaang-mangan ka ngayon. Kung nangangailangan ka ng pera, eh di sana nangutang ka sa amin. Hindi ’yong magbenta ka ng laman!”

Natahimik naman siya sa narinig. Hindi niya talaga ma-gets ang sinasabi ni Dada.

“Maghintay ka dito. Huwag kang lalapit sa mga ’yon at baka makarinig ka ng masasamang salita. Baka sabihin pa ay naglilingkod ka sa simbahan, ’tapos kung anu-ano pala ang ginagawa mo.”

At tumalikod si Dada para puntahan ang grupo ng kanilang mga kasamahan. Bumalik ito dala ang isang cell phone.

Napakunot ang noo ni Eloida habang tinatanggap ang cell phone. *Pinlay* niya ang video at napaawang ang mga labi nang makita ang sarili na naka-bra lang. Mayamaya ay may matipunong braso na yumakap sa kanya at isang guwapong mukha ang humalik sa kanyang tainga mula sa likuran. Napapikit ang babae sa video pagkatapos ay napahalinghing.

“Sino ’yan?” tanong niya sa kaibigan.

“Sino nga ’yan sa tingin mo? Sino ’yang may nunal sa kaliwang pisngi?”

At napaluwa ang mata niya nang ibuka ng



babae ang mga hita. Kitang-kita talaga ang butas ng 'Mount Pinatubo'! *Dios mio! Hindi balbas sarado!* Mabuti na lamang at ikinipot uli ng babae ang mga hita bago lumuhod at hinarap ang lalaki. Itinulak nito pagkatapos ang lalaki sa kama kaya napahiga ang huli. Sumakay ang babae at parang hinete na nangabayo sa ibabaw ng kasiping. Nakatalikod na kasi ang babae, pero kanina nang nakaharap ay kamukhang-kamukha niya talaga.

Lumapit siya kay Nenita para magtanong.

"Saan mo 'to nakuha, Nenita? Bakit nandito ang mukha ko?"

"Yan nga ang gusto naming itanong sa 'yo, Eloida," sagot ni Nenita. "Ano'ng ginagawa mo sa video na 'yan? Doble kara ka pala, parang anghel kapag nasa simbahan, pero nagsa-sideline."

"Bakit sigurado ka bang ako 'yan? Kasuhan kaya kita at pinapakalat mo 'yan!"

"Hindi ikaw? Sa nunal pa lang, ikaw na ikaw na talaga!" sabad ni Divina. "Tigilan mo nga kami, Eloida. Noon pa man ay may masama na akong pakiramdam sa 'yo! Nahubaran ka na ng maskara ngayon! Nakakahiya 'yang ginagawa mo!"

Uminit din agad ang ulo niya dahil pakiramdam niya ay pinagkakaisahan siya. "Isang beses mo pang sabihin na ako 'yan ay makakatikim ka talaga sa

akin!”

“Tama na ’yan! Tama na!” saway ni Aling Minda, ang pinakamatanda sa kanilang grupo. “Dada, ilayo mo muna si Eloida para makapag-isip-isip. Ikaw naman, Divina, tigilan mo ’yang bunganga mo. Nakakasakit ka na.”

Hinatak na siya ni Dada palayo. Kinuha nito ang bag nila. Sumakay sila ng tricycle at inihatid siya sa Dada hanggang sa bahay nila.

Sumama ang pakiramdam ni Eloida pagdating sa bahay. At lalo pang sumama ang pakiramdam nang hingan siya ng pera ng pamangking si Butchok.

“Auntie, dalawang libo lang, o! Hindi pa kasi dumarating ang bayad ng Kano na nagbibigay sa akin ng raket. S’abi ngayong linggo raw ipapadala sa *Western Union*. Ngayon na kasi bibili ng ticket pa-Palawan ang mga kabarkada ko.”

“Wala nga akong pera!” singhal niya rito.

Napakamot sa ulo ang pamangkin bago lumabas ng bahay.

Pagdating ng nanay niya kinagabihan mula sa pagtitinda sa palengke ay napatangon ito dahil napansin yatang lumilipad ang isip niya habang kumakain ng hapunan.

“May problema ka ba, Loida? Bakit parang wala ka sarili?”

Umiling siya. Ayaw niyang mag-alala ito. Pero hindi rin niya nailihim dito ang problema dahil nang sumunod na araw ay narinig din nito sa katabing stall sa palengke ang tungkol sa sex video. Galit na galit ito pag-uwi.

“Hindi mo man lang kami binigyan ng kahihyan na bata ka! Ikaw ang pinag-uusapan sa palengke! Bago ka sana gumawa n’un ay nag-isip ka muna! Inalala mo man lang sana ang mga sakripisyong ginawa namin ng ama mo para sa ’yo!”

Sa hitsura ng nanay niya ay parang papatay ito. “Sino ang lalaking ’yun? Sabihin mo sa kanya humarap siya sa akin at panagutan niya ang nangyari sa inyo!”

Hindi nga niya alam kung sino ang hudas na iyon.

Tumunog ang cell phone ni Eloida. Tiningnan niya kung sino ang nag-message. Ang ate niya. Noon lang yata ito nag-text sa kanya nang ganoon kahaba. Galit na galit din ito. *Pati ang mga anak ko tinutukso sa school nila dahil nakita kang nakabuyangang ng mga kaklase nila! Bruha ka talaga! Kapag may nangyaring masama kay Nanay dahil sa pinaggagagawa mo ay ako ang makakaharap mo. Kakalbuhin talaga kita!*

At kung sa inaakala ni Eloida ay narinig na niya

ang lahat ng masasakit na salita ay nagkamali siya. Ipinatawag siya ni Padre Salmorin dahil kakausapin daw siya. Pagpasok niya sa opisina ng pari ay naroon ang disappointment sa mukha nito.

“Eloida, iwan mo muna ang trabaho mo bilang sekretarya ko. Kailangan ko kasing protektahan ang parokya sa masasamang chismis. Ayaw kong makaladkad ang simbahan sa problema mo ngayon.”

“Sige po,” talunan niyang sagot. “Naiintindihan ko naman po.”

Bagsak-balikat niyang niligpit ang mga gamit sa mesa niya sa opisina nito. Nang papalabas siya ng kombento ay nakataas ang kilay ng *Church Handmaidens* na nakatingin sa kanya. Napapahid si Eloida ng luha habang papauwi.

Nang sumunod na araw ay pumunta siya sa *National Bureau of Investigation* para magreklamo. Paano ba kasi napunta ang mukha niya sa video na iyon? Ni hindi niya alam kung saan ang lugar na naroon at lalong hindi niya kilala ang lalaking kasama sa video!

“Edited ang video,” sabi ng IT expert ng *NBI*. “Pero sophisticated ang pagkagawa. Kung hindi mo sinabing biktima ka diyan ay wala rin akong mapapansin. Kuhang-kuha talaga ang emotions at reactions.”

“Sino naman po ang gagawa niyan? Wala naman po akong kaaway, maliban na lang kay Divina paminsan-minsan. Pero wala rin namang pera si Divina para makapagpagawa ng sex video.”

“Yan ang tutuklasin natin, Miss. Hahanapin natin kung sino ang lalaki na kasama mo sa video. Baka may alam siya.”

At dahil ang daming nakapilang ibang kaso ay nagpaalam na siya. Tumigil si Eloida sa malaking tulay malapit sa kanila para makapag-isip at mapag-isa. Napapatingin siya sa malayo habang iniisip ang problema niya. Kung sinuman ang gumawa nito ay wala iyong puso. Nasira ang buhay niya.

Pinahid niya ang luha. Ibabangon niya ang sarili. Hahanapin niya ang kung sinumang gumawa ng video at ipapakulong niya. Hindi siya titigil hangga't hindi niya nakakamit ang hustisya.

## CHAPTER *Two*

*G*amit ng telescope ay nakikita ni Waldo mula sa malayo ang pag-disembark ng commodities niya mula sa opisina niya sa pier sa London. Makulimlim ang panahon, pa-winter na rin kasi. Oras na para bumalik siya sa Asia. Pero bago iyon ay dadaan muna siya sa Spain. May invitation kasi siya sa birthday ng isang kaibigan sa Ibiza.

Nag-ring ang cell phone at dinampot niya iyon. Ang kapitan iyon ng barko, nagsasabing naibabana raw lahat ng cargo niya. Nagpasalamat siya bago pinatay ang tawag. Nag-ring uli kaya dinampot niya ulit.

“I’m on my way, man! You just hop in!” sabi

ng kaibigang si Shawn Arami, isang half-British, half-Jew na may-ari ng isang hotel chain at airline sa United Kingdom.

Mayamaya pa ay huminto na ang limousine ng kaibigan sa harap ng opisina ni Waldo. Nakisakay na siya papuntang airport. Doon naghihintay ang private plane ni Arami na ginagawa nitong service sa pag-iikot sa mundo.

Binentahan siya nito noong isang taon ng private plane dahil may babayaran itong utang. Hindi niya kinagat. Ano naman ang gagawin niya sa eroplano? Wala naman siyang paggagamitan niyon sa negosyo.

Dati nag-venture din sa airline ang kanyang ama. Nag-crash ang isang eroplano kaya nalugi agad ang kompanya dahil sa claims ng mga kamag-anak ng namatay na mga pasahero. Sinabihan nga siya ng British niyang ama bago mamatay na pasukin na daw niya lahat ng negosyo, huwag lang ang transport.

Lumipad sila papuntang Majorca at hindi siya sumama kay Arami sa hotel dahil may sarili siyang villa sa nasabing lugar. Naroon ang villa sa isang maliit na isla na pagmamay-ari pa ng lolo niyang Spanish-Brit. Sa kanya iyon ipinamana ng matanda. Ang ama niya ang nagpatayo ng bahay roon at sa kanya rin napunta dahil nag-iisa siyang anak.

Nagkita sila uli ni Arami sa beach front kung saan nag-uumpisa na ang birthday party ng kaibigan nilang si Rodrigo sa isang bar. Sinalubong sila ng Espanyol at ng girlfriend nitong Bollywood actress. Ang hitsura ni Rodrigo ay hindi maipinta, parang maaawa na parang matatawa.

“Man, you have a big problem!” sabi nito sa kanya habang inaakbyan siya. “Let’s talk in private for a minute.”

Kinaladkad siya ng lalaki sa madilim na sulok at iniabot sa kanya ang cell phone kung saan may naka-on na video. Nanlaki talaga ang mata ni Waldo nang makita ang sarili sa video.

“What the hell is this?” galit niyang tanong.

Natawa si Rodrigo. “Don’t you worry! Your dick is long here, man!”

Napatingin siya sa hitsura ng babae. Hindi talaga ito pamilyar sa kanya! Hindi nga siya sigurado kung siya nga ang nasa video. Palagi kasi siyang nagta-travel kaya hindi na niya maalala lahat ng mga hotel na natuluyan niya.

“Man, this is fake!” sabi ni Waldo.

At ang sex video nga niya ang naging topic ng buong party. Walang sawa siyang binuska ng mga kakilala dahil sa laki ng alaga niya roon. Na-bad trip siya. Oo, okay lang sa mga pabling niyang kaibigan,



pero sa mga kasosyo at ka-deal niya sa negosyo ay masamang image ang maibibigay niyon sa kanya.

At tama ang hinala niya dahil ang malaking deal sana niya na mag-supply ng silver sa isang jewelry shop sa Germany ay na-cancel dahil nakita ng may-aring baroness ang sex video.

Hindi na siya dumalo ng *International Silver Summit* dahil siguradong nakita ng mga kasamahang negosyante ang sex video at pinagtatawanan siya ng mga ito ngayon.

Sa tingin niya ay may mga taong gustong magpabagsak sa kanya. Siguro may inggit at galit at gusto siyang ipahiya. Napahula siya kung sino ang may kagagawan ng sex video. Marami siyang kakompetensya sa negosyo. Pero naisip din niya na professionals ang mga iyon at disente.

*Teka, hindi kaya si Anais Schubert, ang French madame, ang may kagagawan ng video?*

Pero sampung buwan na silang hindi nagkikita nito. Ang pagkaalam niya ay nakalimutan na siya ng babae.

Tutuklasin niya kung sino ang nagpagawa ng video at gagawin niya lahat para mahuli at magbayad ito dahil nakakasira ng pagkatao ang ginawa nito. Tiningnan nga niya uli ang video. Tingin niya, ang babae roon ay kasabwat. Doon siya sa taong iyon

mag-uumpisa.



May isang buwan nang naghahanap ng bagong trabaho si Eloida pero wala pa ring tumatanggap sa kanya. Alam naman niyang wala na siyang babalikang trabaho sa simbahan. Gusto nga sana niyang pumirmi muna sa bahay, pero galit sa kanya ang ina. Siguradong makikita lang siya nito palagi kapag nasa bahay lang siya. Masakit pa naman iyon kung magsalita. Nag-deactivate nga siya ng *Facebook* para hindi makatanggap ng masasamang salita mula sa kapatid.

Pag-uwi niya sa bahay ay may naka-park na itim na kotse sa labas ng bahay. Pagpasok niya ay may naghihintay sa kanya na lalaking naka-leather jacket at may bitbit na *Ray-Ban*. Bigotilyo ito.

“Ikaw ba si Eloida Magsilong?”

“Opo,” tugon niya.

“Ako si Diko Manalastas. Gusto ko lang tanungin kung ano ang parte mo sa kumakalat na sex video ni Sir Waldo Zachary Davidson.”

“Sinong Waldo Zachary?” tanong niya.

“Ang biniktima n’yo.”

“Biktima? Ako ang biniktima!”

“Nag-iimbestiga kami ngayon kung sino ang may pakana ng paglaganap ng sex video.

Siguraduhin n'yo lang na wala kayong alam dahil makakalaboso kayo.”

At nagpaalam na ang lalaki.

Agad niyang hiniram ang laptop ng pamangkin at ni-search ang pangalang Waldo Zachary Davidson. Wala itong *Linkedin* at *Facebook* accounts, pero sa isang forum tungkol sa precious metals ay may pictures doon ang lalaki. Ito ang pinakamatangkad sa group picture na naroon. Kamukhang-kamukha nito ang lalaki sa sex video. May limang link pa siyang nahanap na may pangalan ng lalaki. Isa raw itong major investor sa malalaking gusali sa *BGC*. Ang ibang sites ay nakasulat na sa ibang lengguwahe, parang French.

Naghanap pa si Eloida ng litrato at may picture itong kasama ang isang former Prime Minister at may picture pa na kasama ang crush niyang football player. *Yayamanin!*

Pero teka! Paano sila nito nagkasama sa isang sex video gayong hindi nga sila magkakilala? Ni minsan ay hindi niya nakita ang lalaki sa personal. Kailangan niya itong makausap para malaman ang katotohanan.

Naghanap siya ng address. Wala! Pero hula niya ay nag-oopisina ang lalaki sa isa sa mga gusali kung saan may shares ito. Una niyang pupuntahan ang

---

*The Leaf Peak.*

Kinaumagahan, alas ocho pa lang ay nasa BGC na siya. Nagpapasukan pa lang ang mga empleyado kaya napagpasyahan niyang tumambay muna sa 7-Eleven. Habang naroon at kumakain ng biniling *cheese de sal* ay nakatanga si Eloida sa napakatayog na makabagong gusali sa kanyang harapan. Gawa iyon sa salamin at bakal at parang nakahulmang monopod. Pakiramdam niya ay isa lang siyang gagamba na nakatanghod sa isang dambuhalang obelisk.

Hinintay niya ang quarter to ten bago pumasok sa entrance ng gusali. Dumerecho siya sa list of offices na nasa dingding malapit sa elevator. Hinanap niya ang pangalang Davidson. Wala. Magtatanong na lang siya sa front desk.

Lumapit siya sa reception kung saan may isang magandang babae na nakatayo. Mabait ang hitsura nito.

“Miss, anong floor ang opisina ni Waldo Zachary Davidson?” tanong niya.

Nanlaki ang mga mata ng babae pagkakita sa kanya. Napa-paranoid tuloy siya at naisip na baka makita nito ang sex video at namukhaan siya.

Mayamaya ay may tinawag ito sa mga dumaraan. “Ma’am Lei-Lei, sandali!”

Lumapit sa kanila ang may-edad na babae. Nang nakita siya ay lumaki rin ang mga mata nito. Baka namukhaan din siya.

“Yes, Miss?” tanong ni Ma’am Lei-Lei sa kanya.

“Hinahanap ko po si Mr. Waldo Zachary Davidson. Wala po akong appointment dahil hindi ko alam kung paano siya makakausap. Tungkol po sa isang personal na bagay.”

“You wait here. Kakusapin ko muna siya kung gusto ka niyang makausap,” sagot ni Ma’am Lei-Lei. Iginiya siya nito sa sofa at couches sa lobby ng reception.

Pumuwesto siya sa isang couch at tumingit-tingin sa mga dumadaan. Mabuti na lang at nagbihis din siya nang kaunti. Hindi naman siya mukhang taga-bundok.

Ilang sandali rin siyang naghintay bago bumalik ang may-edad na babae. “Please follow me,” sabi nito sa kanya.

Bumuntot si Eloida rito papuntang elevator at umakyat sila sa penthouse. Dumerecho sila pagkatapos sa isang pintuan papasok sa isang makabagong opisina sa kulay na blue at white, at glass lahat. Napakaganda ng receptionist.

Dumaan sila sa glass hallway. Kitang-kita sa loob ang mga puting cubicle ng mga empleyado na

abala sa ginagawa ng mga ito. Huminto sila sa isang pintuan. May isang opisina pa doon at waiting area bago siya tuluyang nakapasok sa opisina ni Waldo Zachary Davidson.

Napaderecho ang tingin ni Eloida sa lalaking nakaupo sa gilid ng mesa at abala sa laptop nito. Grainy rin kasi ang sex video kaya iba ang dating ng lalaki sa video at iba rin sa personal. Mas tisuyin ito at ang lakas ng personalidad, iyong kagalang-galang. Nang mapansin siya ay huminto ito sa kakatipa sa laptop.

“Have a seat,” sabi nito.

Iniwan na sila ni Miss Lei-Lei.

Umupo naman siya sa upuan na nasa harap ng mesa ng lalaki.

“So what brought you here? Are you going to blackmail me or extort some money?” Sarcastic at mayabang ang tono nito.

Ang gusto niya ay makipag-usap nang maayos, pero pang-iinsulto ang bungad nito.

Hindi niya rin maiwasan ang ma-high blood agad. Hindi siya agad nakapagsalita, pero nang makabawi sa pagkabigla ay hindi na niya napigilan ang bunganga. “Ako pa ang pagbibintangan mo, sir? Ako nga rito ang biktima. Mabuti ka nga at pagkatapos ng sex video ay may trabaho ka pa. Ako,

sinisante ako sa trabaho ko sa simbahan!”

Hindi nagsalita ang lalaki, pero nang-uuyam ang titig nito sa kanya.

“Sino po ba ang gumawa n’un? Sabihin n’yo po sa akin dahil idedemanda ko siya!”

“If you can act well in that video, then maybe you’re an actress and can act well here and now!”

*Ano raw? English, eh. Nakapag-aral naman siya ng Secretarial at nakakaintindi ng English pero ang diction ng lalaki.... pamatay! British ba ’yon?*

Hindi niya na-gets ang sinabi pero ang hitsura kasi ng lalaki habang nakatingin sa kanya ay parang siya ang itinuturo nitong may gawa ng video.

“Hindi po ako ang babae sa video, sir. Pero kung tutuusin, mas kamukha n’yo ang lalaki d’on!”

“That’s not me!” Tila naeskandalo ang lalaki sa sinabi niya. “Look at your mole! You look very close to that girl.”

Nainis na si Eloida na pinipilit ng lalaki na siya ang babae, gayong hindi nga siya iyon. “Bakit, ako lang ba ang may mole? Tingnan n’yo po ’yang kapal ng kilay n’yo! Saktong-sakto doon sa lalaki! ’Yong nguso n’yo pa!”

Ang mukha ng lalaki ay dumilim. Lalong kumapal ang mga kilay at sa mapanganib na boses ay nagbabala. “Just make sure that you have no part

in it because I'll send you to jail.”

Kinabahan din siya sa galit ng lalaki, pero baka kaya-kayanin lang siya nito kapag nagpakita siyang mahina at natatakot, lalo na at nasa teritoryo siya nito. Sa matapang na boses ay nagbabala rin siya. “Siguraduhin n’yo rin pong hindi kayo ang nagpagawa n’un dahil kahit wala akong perang pangdemanda sa inyo ay may kakilala naman akong mangbabarang! Galing na ako sa *NBI* at sila mismo ang nagsabi sa akin na edited ang video at ginamit lang ang ulo at mukha ko.”

“Really? Does it look like I care?” Tumingin ito pagkatapos sa pinto. “Marami pa akong gagawin so if you don’t mind...”

Tumayo na lang si Eloida, tumango sa lalaki, at dumerecho sa pinto. Paglabas niya ay naroon si Ma’am Lei-Lei. Sinamahan siya nito sa elevator at nagpasalamat siya rito.

Nang makalabas ng gusali ay nakaramdam si Eloida ng awa sa sarili. Paano ba siya na-involve sa sex video na iyon? Sa pagkaaalam niya ay wala siyang inapakang tao para may gumawa sa kanya ng masama.

“May awa ang Diyos, Eloida,” sabi niya sa sarili. “May karma para kay Waldo!”





Nang lumabas ng opisina niya si Eloida Magsilong ay na-curious din si Waldo rito. Ni-check niya ang *Facebook* account ng babae. Ang profile pic nito ay kulay itim na para bang namatayan. Ang posts nito ay puro worship sa Panginoon, pero may isa rin doon na naghuhuramentado.

*Mga kampon ng demonyo! May oras din kayo!*

Tiningnan niya pa ang iba. Mayroon ding madrama.

*Kapit lang, gurl! Makakaalpas ka rin sa kumunoy na 'to! Challenge lang 'to ng Panginoon sa 'yo.*

May video rin ito ng nag-aaway na mag-anak kung saan ang isang dalaga sa sobrang kakasabunot ay hinubaran na ng pantalon ng mga kapatid ng sinasabunutan nito. Napangiti siya dahil sa video.

May posts din ito two years ago na puro *Philippine monkey-eating eagle*. Ibinaba niya pa. Mukhang dati itong nagtratrabaho sa isang conservation group. Hindi pala. Nagtatrabaho pala ito dati sa *Wildlife Park* sa Quezon City, tindera sa isang hotdog booth. May video pa nga kung saan bumibirit ito habang nagluluto ng hotdog. In fairness, maganda ang boses.

Ini-scroll down pa niya para makita ang older posts nito. Naroon ang graduation picture nito. Maganda pala ito kapag naayusan. Parang may kamukhang Filipina celebrity na hindi niya maalala.

Pumasok ang kanyang sekretarya. “Sir, nandito na po si Mr. Yin.” Sinabihan niya ang secretary na papasukin na ang lalaki.

Pumasok ang Singaporean detective agent na nag-i-specialize sa cyber crimes. Umupo ito sa harap niya at inabot ang isang envelope paglabas ng sekretarya niya.

“We were able to trace where the sex video originated. It’s here in the Philippines,” sabi ng Singaporean. “The IP address and the details are inside the envelope.”

Kinuha niya ang papel na nasa loob ng envelope at binasa iyon. Naroon ang IP address at kung kanino iyon nakarehistro: Butch Saracanlao. Nagpasalamat siya sa Singaporean at tinawagan ang Filipino detective na kakilala niya para ipahanap si Butch Saracanlao.

Pagkaraan ng tatlong araw ay ipinagbigay-alam sa kanya ng detective na si Butch Saracanlao ay may address sa Quezon City. At pareho iyon ng address ni Eloida Magsilong. Pamangkin ito ng babae na naroon sa sex video si Butch!

Sinasabi na nga ba niya! Tama ang hinala ni Waldo na may kinalaman talaga si Eloida Magsilong sa sex video. Lintek lang ang walang ganti! Sisiguruhin niyang makukulong ang magtiyahin.

## CHAPTER *Three*

*H*indi talaga makapaniwala si Eloida nang mabasa ang mga summon ng abogado para sa kanya at para kay Butchok. Siya lang kasi ang tao sa bahay nang dumating ang messenger ng *Saldera & Tumbon* law firm. Una niya kasing nabasa ang sa kanya kaya naisip niya na siya ang ididiin ni Mr. Davidson. Pero nang mabasa ang kay Butchok ay kinabahan siya. Nakalagay roon na ang pamangkin niya raw ang nag-upload ng sex video.

Tinawagan niya ang pamangkin na umuwi muna dahil may pag-uusapan sila. Nasa Baguio raw ito. Lalo siyang kinabahan dahil palagi itong gumagala. Narinig niya rin itong nakikipag-usap sa nobya nito sa cell phone at nagpaplanong pumunta

ng Hong Kong. Saan kaya ito kumukuha ng pera?

Biyernes dumating ang pamangkin niya. May dala pa itong isang plastic bag na pasalubong para sa kanila.

Isinampal niya sa pagmumukha ng pamangkin ang summon. Binasa iyon ni Butchok at agad itong namutla.

*Alam na!*

Ang bunganga ni Eloida ay parang sa puwet ng manok na bubuka at kikipot dahil sa sobrang dami ng gusto niyang sabihin. Hindi niya alam kung ano ang uunahin. Nang tuluyang maibuka ay parang armalite iyon na rumatatat.

“Ikaw na animal ka! Sabihin mo sa akin, ikaw nga ba ang gumawa ng sex video na ’yon? Demonyo! Idinamay mo pa ako sa kagaguhan mo! Kung sinu-sino pa ang itinuro ko na gumawa n’un gayong sarili ko palang kadugo! Sabihin mo nga kung anong kasalanan ang ginawa ko sa ’yo para gawin mo sa akin ’yon!”

“Ke aga-aga nagbabangayan na!” sabad ng ina na kakarating lang mula sa palengke.

“Nanay, si Butchok pala ang nag-upload ng sex video!” sumbong niya.

“Totoo ba ’yan, Butchok?” tanong ng matanda.

Walang sagot ang pamangkin. Sa putla nito ay

naging violet ang bibig. Mayamaya ay napaupo ito sa sala at napahikbi habang tinatanong ang lola. “Lola, makukulong po ba ako?”

“Oo!” galit na galit niyang sigaw.

Galit na tumingin sa kanya ang ina. “Tigilan mo nga muna ang dramang ’yan! Paano natin masosolusyunan ang problema kung tili ka nang tili!”

“Paano ako tatahimik, eh, biktima ako rito!”

Itinaas ng ina ang kamao. “Isa pang tili, Eloida, at makakatikim ka talaga sa akin.

Tumahimik siya.

Napatingin ang kanyang ina sa pamangkin. “Butchok, bakit mo naman nagawa ’yun?”

“Kailangan ko po kasi ng pera dahil pupunta ng Palawan ang mga kabarkada ko. Gusto ko pong sumama kaso ayaw magbigay ni Mama dahil wala raw siyang budget,” kuwento ni Butchok. “Tapos may isa akong dating kliyente mula sa *Craigslist* na nag-email. Babayaran daw ako nang malaki kung mapapalitan ko ang mga mukha ng mga tao sa sex video.”

“At bakit mukha ng tiyahin mo ang inilagay mo doon, bata ka?” tanong ng matanda.

“Yong una ko pong pinasa sa kanya ay mukha lang ng lalaki ang pinapalitan, pero ibinalik po niya

at sinabing palitan na rin ang mukha ng babae dahil sikat raw 'yong sa original at baka magkaproblema 'yong kliyente. Kailangan po kasi makatotohanan at madali lang makuhaan si Tita ng video tuwing natutulog at inaantok.”

“Hayup ka! Ipinahiya mo na ako sa buong mundo, isasama mo pa akong makalaboso!” sigaw ni Eloida.

Hinayaan na lang siya ng dalawa na ibunganga ang sama ng loob niya hanggang sa tumigil siya. Nang mahimasmasan na ay matino na siyang nakausap ng ina kung paano nila mareresolba ang problema.

“Ano pa nga ba? Eh, di ipakulong ang impaktong 'yan!”

“Pamangkin mo 'yan. Hahayaan ba nating makulong 'yan nang ganyan kabata? Ayy, ang kawawa kong apo!” Napapahid ng luha ang ina.

Natahimik din siya dahil ni minsan ay hindi niya nakitang umiyak ang ina, kahit pa noong namatay ang kanyang ama. Tahimik lang ito sa isang tabi. Nagbukas siya ng *Facebook* at binungangaan ang ate niya. Napatawag ito at iyak ng iyak sa video chat.

“Eloida, ano ang gagawain natin? Baka makulong si Butchok!”

“Dapat lang!” ang sabi niya.

“Kalimutan mo muna ang inis mo, please. Ang isipin muna natin ngayon ay si Butchok. Kawawa naman ang bata. Bakit ba kasi napasok sa ganoong sitwasyon ’yan?”

Galit talaga siya sa pamangkin pero nang makitang depressed si Butchok nang mga sumunod na araw ay nakaramdam din siya ng kaunting awa. Halos hindi nga ito kumakain at ninerbiyos na lumabas. Naisip din niya na sayang naman ang kinabukasan ng pamangkin kung makukulong ito. Bata pa kasi, matalino, at talented talaga sa computer. Tingin niya may mararating talaga ang pamangkin niya dahil sa galing nito.

Naisip niyang siguro ang mabuting gawin sa sitwasyon nila ay ang magpakumbaba at humingi ng dispensa kay Mr. Davidson.



Nakatatlong balik si Eloida sa *BGC* para humingi ng appointment kay Waldo, ngunit hindi sa reception pa lang ay hinarang na siya. Parang bakulaw ang mga guard kung makasimangot sa kanya.

Tumambay siya sa *7-Eleven* sa pag-asang makikita niyang lumabas sa gusali ang lalaki ngunit wala. Baka palagi itong nakasakay sa sasakyan kapag lumalabas ng gusali o baka wala sa Pilipinas.

Napa-search siya uli sa *Internet* sa pag-asang may

makikita pa siyang ibang pinupuntahan ang lalaki. At number one sa search engine ang groundbreaking ng isang minahan sa bayan ng Batung sa Kabisayaan kahapon lang at nandoon si Waldo Zachary. Mabilis siyang napatayo dahil galing Batung ang mga magulang niya at doon siya ipinanganak bago sila lumipat sa Manila. Mga walong taong gulang siya nang umalis sila dahil kasagsagan ng mga *NPA* noon sa Batung.

Tumawag si Eloida sa kapatid para makahingi ng budget at agad naman siyang pinadalhan nito sa *Western Union*. Bumili siya agad ng plane ticket.

Pagkauwi sa kanila ay may itinanong siya sa pamangkin. “Saan mo naman nakuha ang mga pictures at video ni Mr. Davidson na ginamit mo sa sex video?”

“May ibinigay silang isang video sa akin na nandoon si Mr. Davidson. Naglalampungan lang pero hindi naman nagdyudyugdyugan.”

“Sinong sila?” tanong niya.

“Yong dati kong kliyente na nagpaayos ng video ng isang soccer game. Nag-post kasi ako sa *Craigslist* ng services. Doon nila ako nakita.”

“Tigilan mo na ang kaka-service mo, ha, kung di mo kilala. At pahiram ng sinasabi mong video ni Mr. Davidson.”



Binigyan siya ni Butchok ng flash drive. Dinampot niya ang laptop at pinanood ang file name na itinuro ni Butchok.

Nasa kama natutulog si Waldo at ang isang magandang blonde. Mayamaya ay gumising ang babae at nilambing nito ng mga halik si Mr. Davidson. Nagising ang lalaki at nag-usap ang mga ito sa wikang Pranses daw ayon kay Butchok. Umupo ang mga ito malapit sa camera at naghalikan ang dalawa na parang naroon sa sex video na may mukha niya.

Naghubad ng saplot ang babae at itinulak nito si Waldo pahiga sa kama. Matagal din ang lampungan ng dalawa hanggang sa may tumawag at dinampot ng lalaki ang cell phone nito. Ang blonde, mukhang bad trip dahil nabitin. Si Waldo ay tumayo na at nagpaalam.

*Sayang!* Gusto niya sanang makita kung mahaba ang sa lalaki dahil guwapo ito, sa totoo lang. Napangiti si Eloida sa naiisip. Mas maiging magayos na lang siya ng mga gamit para makapunta ng Batung.

Gabi rin siya nakarating ng Batung kinabukasan. Isang oras ang biyahe sa eroplano at apat na oras na biyahe ng jeep mula sa airport papunta sa lugar. Sumakay pa siya ng tricycle papunta sa Barangay

Luhod-Bayang kung saan nakatirik ang kubo ng tiyahin. Pagod na pagod siya pagdating. Mabuti at maraming luto si Tiyang Concep. Nakaubos yata siya ng halos apat na tasa ng kanin at isang litro ng *Coke*.

“Medyo malayo pa ’yon! Mga apat na bundok pang akyatan bago maabot ang Mt. Barukon. Dating kuta ’yon ng mga *NPA*. Kung malakas lang sana itong mga tuhod ko ay sasamahan kita. Si Pakang na lang ang pasasamahin ko sa ’yo na pumunta doon, ha!”

Walang problema sa kanya na ang pinsan ng nanay niya ang sasama sa kanya. Kinabukasan, alas siete pa lang ay lumarga na sila. Hindi niya akalaing ganoon pala katarik ang bundok. Unang bundok pa lang ay hingal na siya. Nang ikalawa ay napapaluhod na siya. Nang ikatlo ay napaiyak na siya kay Pakang dahil suko na siya. Pero kailangan talaga niyang maglakad at marating ang ikaapat na bundok!



Nakatingin si Waldo sa bundok na kanilang papatagin. Ayon kasi sa geological survey na sinagawa ay may malaking silver deposit sa ikaapat na bundok. Siya ang nanalo sa bidding na ginawa ng provincial government para maging kasosyo nito sa pagmimina. Narito sila sa kalagitnaan ng bundok at doon sila nagbase. Nakatayo ang kanilang mga tolda at umuusok ang isa dahil niluluto roon ang kanilang

magiging merienda.

Dahil mainit, nagpasya siyang maligo. Tinanong niya ang mga trabahador na kinuha nila para maging tagalinis ng lugar kung saan may maliliguan. Itinuro ng mga ito ang isang talon na malapit lang daw.

Hindi na siya nagpasama dahil positive na wala nang *NPA* na gumagala sa magkakatabing bundok. Tinunton niya ang daan pababa na patungo sa isang maliit na sapa. Ang problema ay nawawala ito.

Napag-alaman niyang lumaki ang sapa. Para mapuntahan iyon ay tumawid siya sa isang napakalaking kahoy na mukhang itinumba ng bagyo. Dahan-dahan naman ang pagtawid niya hanggang sa may nakita siyang kakaiba: isang lalaking sobrang balbon, parang unggoy na ewan, at galit na galit na nakatingin sa kanya.

Sa gulat nga ay natapilok si Waldo at hindi niya akalaing matarik ang isang banda at doon siya nahulog. Wala na siyang nagawa kundi mapahiyaw nang magpagulong-gulong. Naumpog pa ang ulo niya sa kung anong parang bato sa tigas.

“Yudepuga, o! Ano ba ’tong nahulog na ’to? Kitang may tao!” sigaw ng nasa bandang ulunan niya.

Ulo yata ng tao ang kanyang nasalpuhan. Sa kabila ng sakit ay hinarap niya ang nagsalita. Saktong

tumingin din ito sa kanya.

“You!” hiyaw ni Waldo sa walang iba kundi si Eloida Magsilong. “What are you doing in this place?” inis niyang tanong dito. Pati ba naman dito ay sinusundan siya ng babae? Alam niyang inali-aligiran siya nito sa *Leaf Peak*. Iniupo niya ang sarili, masakit ang kanyang binti.

Ang inis na inis na mukha ng babae ay biglang bumait. Parang nakakita ito ng anghel. “Ay, sir, kayo pala! Kung alam ko lang sana ay sinalo na kita!”

“What do you want?” madilim ang mukha niyang tanong.

Tila nag-isip muna ng sasabihin ang babae bago ibinuka ang bibig. “Ah... wala naman. Nagpapahangin lang. Taga-rito po kasi ako. Kayo po? Bakit kayo nandito?”

Hindi niya sinagot. Tumayo siya, ngunit natumba rin.

“Tulungan na kita, sir,” sabi ng babae sabay abot sa siko niya.

Tinabig ni Waldo ang kamay nito.

“Grabe naman!”

Sinubukan niyang tumayo uli, pero masakit talaga ang isang paa niya. Hinatak siya ng babae patayo. Gusto niya itong itulak, pero malakas ang kapit nito at hindi talaga siya makatayo. Tinulungan

siya nitong makalakad pabalik sa kampo.

Napatingin siya sa hitsura ng babae.

Isang masarap na ngiti ang ibinigay nito kaya lalo siyang nainis. Itinikom na lang niya ang bibig dahil baka masakal niya ito sa inis.

“Saan po ang tent n’yo, sir?” tanong ng babae nang marating na nila ang kampo.

“Never mind!” sagot niya habang inilalayo ang sarili. Mabuti na lang at nakita niya agad ang isang engineer. Tinawag niya ito para rito magpatulong. Hindi siya nagpasalamat sa babae.

Naiwan itong nakatayo kung saan niya ito iniwan. Patingin-tingin ito sa kampo, pero mayamaya ay umalis din.

Sa tingin niya ay sinundan talaga siya rito ni Eloida Magsilong. Dapat ay mag-ingat siya rito dahil baka kung anong gulo ang gawin nito.

## CHAPTER *Four*

*N*apaisip si Eloida kung paano makausap nang masinsinan ang negosyante. Kapag ito ang nakalaban nila sa kasuhan ay siguradong patay sila. Dapat ay maglubag talaga ang loob nito kung ayaw nilang makulong at magbayad sa kasong cyber-libel. Sampung taong kulong ba naman!

Tumutulong siya sa pagbayo ng bigas sa harapan ng bahay ni Tiyang Concep nang may dumating na lalaki na nasa cuarenta ang edad.

“Tiyang, may gawa ka ba ngayon? Inatake kasi sa puso si Tiyang Isbet. Wala kaming kusinera doon sa kampo,” sabi ng lalaki.

“Naku, itong diabetes ko ay hindi na ako pinapalakad,” sagot ng tiyahin pagkatapos ay

tumingin sa kanya. “Loida, marunong ka bang magluto? Gusto mo ikaw ang magkusinera roon? Huwag kang mag-alala dahil pamangkin itong si Boy ni Tiyo Bebot mo. Hindi ka nito pababayaan doon sa bundok.”

Hihindi pa ba siya gayong kailangan niyang mapalapit kay Mr. Davidson? “Ay, opo, Tiyang. Marunong po akong magluto.”

“O, kunin mo na ang trabaho,” sabi ng tiyang niya.

“Sige,” sabi ni Boy. “Pero kung pwede sana ay ngayon na para bukas ay may makakain na ang mga trabahador doon. Meron ka ring alalay doon. Babae rin. Kaunti pa lang naman kami ngayon. Next month pa madadagdagan ang trabahador kaya hindi pa masyadong mabigat ang trabaho.”

Mabilis siyang nag-empake ng mga gamit at inilagay ang mga iyon sa backpack. Dumaan muna sila ng palengke para mamili ng food supplies bago inumpisahan ang pag-akyat sa bundok. Sampu silang katao at pati siya ay nakibuhat ng isang karton ng instant noodles. Sa Biyernes pa raw babalik ang helicopter na nagdadala ng food supplies doon sa kampo at kinukulang na kaya namili na sa bayan.

Nang sumunod na araw pa sila nakarating sa kampo, at tulad ng dati ay naghahabol talaga siya

ng hininga dahil sa pagod. Ang mga lalaki ay sanay na sa milya-milyang lakaran.

“Dito ang tent mo, Loida,” sabi sa kanya ni Boy habang ibinababa ang gamit niya sa malaking tent na siyang kusina ng kampo. May isang babaeng naglilinis doon.

Ipinakilala ni Boy sa kanya si Pising at ito raw ang magiging alalay niya. Si Pising nga ang nagkabit ng kurtina na siyang dibisyon para sa magiging kuwarto niya.

Kahit masakit ang katawan ay nag-umpisa siyang magluto para sa tanghalian. Narinig niya sa mga kuwentuhan na Biyernes pa raw babalik ang amo dahil nagpagamot ng paa. Hindi nga niya alam kung ano ang magiging reaction nito pagdating kapag nakita siya. Pusta ni Eloida ay mag-aamok ito. Pero hindi bale na. Pakikitaan niya na lang si Waldo ng kabutihang-loob. Baka maaawa rin ito sa sitwasyon nila.

Wala naman siyang naging problema nang mga sumunod na araw. Mabait sa kanya ang mga trabahador. Iyon nga lang, medyo gahol siya palagi na maluto sa oras ang pagkain dahil mahigit cincuenta katao ang ipinagluluto niya at dadalawa lang ang alalay niya.

At mabilis talagang tumakbo ang oras. Gumising



na lang siyang Biyernes na at tumutunog ang paparating na helicopter sa tuktok ng bundok bandang alas dos ng hapon. Mabilis siyang nagpalit ng T-shirt, nagsuklay ng buhok, at namulbos. Mayamaya ay nakita na niyang bumaba sa patag ang grupo. Nandoon si Mr. Davidson paika-ika. Pero kahit ano pa ay guwapo ito at ma-appeal pa rin dahil parang tore kapag katabi ng karamihan, sobrang tangkad na parang *NBA* player.

Nagtago si Eloida sa tent nila dahil kinakabahan siya sa maaaring maging reaction ng lalaki sakaling makita siyang nagtatrabaho bilang kusinera sa kampo nito. Pero naisip din niyang naumpisahan na niya noong isang araw na tinulungan niya ang lalaki sa paglalakad nito. Siguro ay kailangan niya lang kapalang pagmumukha.

Hindi nagtagal ang pag-aalinlangan niya dahil dumating sa kusina si Boy at ang amo nila.

“Sir, nandito po ang mainit na tubig,” sabi ni Boy sabay abot sa lalaki ng thermos. Pagkatapos ay itinuro siya nito. “Sir, siya po ang bago nating kusinera. Pamangkin po siya ng tiyahin ko, at masarap po siyang magluto sabi ng mga trabahador na kasama ko.”

Walang reaction si Mr. Davidson, pero sigurado siyang bad trip ito.

“Ah... sir, baka hindi pa po kayo kumakain. May niluto po ako,” sabi ni Eloida sabay turo sa nilutong puso ng saging.

Walang sagot mula sa lalaki. Tumalikod lang ito bitbit ang thermos.

Sumunod na sa amo si Boy.

Kinuha na lang niya ang mga gulaying upo para hiwain iyon. Nabalatan at nahiwa na niya ang tatlong upo nang bumalik si Boy.

“Loida, may problema. Mukhang hindi masaya si Sir Waldo na kinuha kita. Kailangan ko raw kumuha agad ng bago. Pasensya na, ha. Siya kasi ang magdedesisyon ng lahat.”

“Okay lang. Naiintindihan ko naman.”

“Napag-usapan namin na habang wala pang pamalit ay ikaw muna. Alam mo na, ilang araw rin kasing lakaran ito pababa at pabalik. Hindi naman puwedeng gutumin ang mga tao rito.”

Ano pa ba ang magagawa niya? Tiningnan na lang niya ang likod ni Boy habang naglalakad ito palayo.

Malungkot niyang tinapos ang gawain. Natatakot siya para sa sarili at para sa pamangkin. Gusto lang namang kumita ni Butchok. Ito nga lang ang kinahantungan.

Pagdating ng alas seis ay nakahanda na ang

hapunan na ginataang puso ng saging at karne, at tortang upo sa mesa sa tabi ng tent. Nasa animnapung katao ang kumuha ng pinggan para kumain. Hindi lumapit ang amo. Mukhang may dala itong sariling pagkain.

Bandang alas ocho ay tapos nang kumain ang lahat. Naghugas siya ng pinggan at naligo pagkatapos. Nilabhan niya ang maruming damit at dumerecho sa tent na kaninang umaga lang itinayo. Wala pang nanunuluyan doon kaya doon na lang niya isasabit ang T-shirt at pantalon. Doon na lang sa tent sa lagayan ng kurtina niya isasabit ang kanyang underwear dahil nakakahiyang ibuyangyang iyon.

Isinasabit ni Eloida ang pantalon nang may kumaluskos. Bumagsak siya kasabay ng tent at nadaganan niyon. Galaw siya nang galaw pero mukhang malapad ang tent. Kinakapos na siya ng hininga nang magtaas ng trapal na nakasaklob sa kanya. Mabilis siyang gumapang palabas. Pagtingin niya ay si Waldo ang naroon. Agad nitong binitiwang ang tent at tumalikod para maglakad palayo.

“Salamat po!” ang tanging nasabi niya. Sana ay narinig siya ng lalaki. Kung hindi siya nito natulungan ay baka natuluyan siya sa ilalim ng tent dahil halos hindi na talaga siya makahinga kanina.



Naisip ni Waldo na dapat ay hindi na niya tinulungan ang babae. Pinabayaan na lang sana niya ito na makain ng tent. Binabantayan niya kasi ang mga galaw nito. Nasubaybayan niya ang pagpasok nito sa isang tent na nagsisilbing banyo hanggang sa pagpasok nito sa bakanteng tent na lumamon dito. Pero sa totoo lang, nag-alala rin siya kaya napatakbo siya para tumulong. Baka kung mapaano pa ito at masisi ang kompanya niya.

Nang sumunod na araw ay gusto na niya itong ipahatid sa baba kaso ay umulan ipinagpasunod na araw niya ang plano. Nagmi-meeting sila ng apat na engineer kung paano ang tamang pagbutas sa lupa nang makita niyang lumabas ng kusina ang babae. Nakasuot ito ng pantalon at puting T-shirt. Itinali nito ang mahabang buhok bago itinulak ang isang sako sa tabi ng kitchen tent. Pagkatapos ay parang katipunera itong naghasa ng itak at inumpisahan ang pagbalat ng kamoteng-kahoy.

Aaminin niyang napatingin din siya dahil madalang kang makakakita ng pretty girl na marunong humawak ng itak. Lahat ng kakilala niya ay puro pasosyal at party lang ang alam. May hitsura si Eloida, maliit ang mukha at balingkinitan. Parang kay *Pocahontas* ang itim at straight nitong buhok. Ito talaga iyong matatawag na gandang kayumangging-

kaligatan.

Naisip niya ang sex video. Ang babae roon parang malaman. Si Eloida ay payat. Slim na slim ito, walang kabilbil-bilbil. Baka tulad niya ay idinikit lang ang ulo nito at mukha roon sa video. Pero pamangkin kasi nito ang nag-upload kaya imposibleng walang alam ang babae.

Mga alas tres ay iniwan nila ang tent at naglagay ng mga palatandaan kung saan nila uumpisahan ang paghuhukay. Pinuputol na ng mga tauhan niya ang mga punong-kahoy para malinis ang lugar. Nagtutunugan na ang mga chainsaw.

Bumalik sila sa tent bandang alas cinco. Pumasok doon si Eloida dala ang isang malaking bandehado na puno ng sumang kamoteng-kahoy.

“Merienda po kayo!” nakangiting sabi ni Eloida sa kanilang lahat.

“Favorite ko ’to!” sabi ng engineer galing Maynila at agad dumampot ng dalawa.

Ang katabi niyang Swiss engineer ay nakidampot din dahil siguro sa gutom. “Tasty!” sabi nito.

Hindi naman nagpahuli ang engineer na galing sa ibaba. Humingi pa ito ng asukal na may niyog kay Loida kaya bumalik ng kusina ang babae.

Hindi siya dumampot.

“Sir, baka gusto n’yo pong tikman,” sabi ng babae

sa kanya nang makabalik ito, sabay turo sa pinggan.

Tango lang ang sagot ni Waldo.

Lumabas na ito ng tent at mayamaya ay nakita niya itong nagpapalakol ng kahoy na pangggatong. Mukhang hardworking ito at walang pakiyemekiyeme. Kung wala lang siguro ang sex video na iyon ay baka humanga siya rito. Sigurado talaga siyang may alam ito.



Hindi tumila ang ulan kaya hindi sila nakababa. Naghihiwa ng sibuyas si Eloida nang may isang grupong dumating sa kampo. Naloka siya dahil sinuong talaga ng mga ito ang ulan para lang marating ang Batung. Kulapol ang mga ito ng putik na para bang sumugod ang mga ito sa ulan. Mabuti na lang at hindi nadisgrasya ang mga ito sa pagpipilit na umakyat ng bundok sa kabila ng sama ng panahon.

Natigilan siya nang hinubad ng isa ang kapoteng suot. Ito ang blonde na kasama ni Waldo sa orginal na video nito. Napakaganda ng blonde at matangkad din. Iyon nga lang medyo may-edad na ito.

Dumerecho ang babae sa loob ng tent ni Mr. Davidson. Mayamaya ay may sigawan. Ang sunod niyang nakita ay pinalabas ni Mr. Davidson ang blonde. Galit na galit na nagsisigaw ang babae sa

banyagang wika, French.

Tahimik lang ang lalaki sa loob ng tent.

Mayamaya ay inutusan ng blonde sa wikang English ang mga kasama nitong Pinoy na magtayo ng tent. Hindi raw ito aalis.

“We risked our lives just to get here and he couldn’t even appreciate that!” galit na galit na sigaw ng blonde.

Ipinagpatuloy na lamang ni Eloida ang pagluluto habang patingin-tingin sa itinatayong tolda malapit sa punong-kahoy ng apitong.

May humablot sa braso niya.

“You!” Si Mr. Davidson, dinuduro siya. “Ikaw ba ang nagsabi kay Schubert kung nasaan ang kampo na ’to?”

“Po?” tanong niya. “Hindi ko po siya kilala.”

“Liar!” Kinaladkad siya nito papunta sa likod ng tent kung saan hindi sila makikita ng blonde. “Be gone! Go home! Baka nagprisinta kang maging kusinera para lasunin kami rito!”

“Sir, mali po ’yang iniisip n’yo,” sagot niya.

“Sir, may problema po ba?” seryosong tanong ni Boy na papalapit sa kanila.

“Make her leave!” utos ng lalaki kay Boy. “I want her away from this place. Now.” Tila iniwasan nitong magtaas ng boses.

“Sir, hindi po kasi ganon kadali ang hinihingi n’yo. Kung pauwiin ko siya mag-isa at may nangyaring masama ay baka ako naman ang malintikan sa amin.”

“Schubert and her team arrived here at this weather so I bet that this woman can do the same.”

“Suwerte lang po sila dahil walang nangyaring masama sa kanila. Paano po kapag bumaba kami ngayon ’tapos may madisgrasya sa amin? Sa inyo rin po ang balik n’on,” patuloy ni Boy sa seryosong boses.

Natahimik din si Mr. Davidson sa narinig.

“At saka, sir, huwag kayong padalos-dalos magsalita. Kilala ko po ang pamilya nila Eloida at mabubuting tao po sila.”

Hindi sumagot si Mr. Davidson pero halatang galit ito.

Sinamantala niya ang pagkakataong magsalita. “Sir, inaamin po namin na si Butchok ang gumawa n’on at kaya nga po ako nandito ay para po makahingi ng tawad sa inyo.”

“So inaako n’yo na kayo nga ang gumawa?” Mapaklang tuawa ang lalaki.

Napailing si Eloida at kaagad nagpatuloy. “Sir, wala po akong kinalaman doon. Sino bang disenteng babae ang gustong makitang nakabukaka ang sarili doon? Alam n’yo ba kung gaano kalaking kahihyan



ang binigay sa akin ng sex video na 'yon? Lahat na lang ng pag-iinsulto at pambabastos ay tiniis ko dahil doon. Dati kapag dumadaan ako sa kalye namin, wala namang namamansin sa akin. Ngayon, halos lapain na ako ng lahat. Tingin n'yo, ipagpapalit ko ang dangal ko sa kakarampot na halaga? Para rin po sa kaalaman n'yo hindi ako tumanggap ng kahit cinco sentimos sa sex video na isinusumbat n'yo sa akin.”

Hindi sumagot ang lalaki.

“Sa tingin n'yo ba, sir, sa nangyari ay may disenteng lalaki pang magseseryoso sa akin? Tingnan n'yo po kung nasaan ako ngayon. Nandito ako sa bundok dahil nawalan na ako ng trabaho. Nasa liblib na lugar, walang ibang makuhang trabaho, at may hinaharap na kaso dahil sa pesteng sex video na 'yan!”

Galit lang na tumalikod ang lalaki at naglakad palayo.

Sumunod na si Boy sa amo nila kaya bumalik na siya sa ginagawa. Pagbintangan ba naman siya na baka raw lasunin niya ang mga tao roon. At mukhang may nakarinig sa akusasyon nito dahil may dalawang lalaking trabahador ang pumunta sa kusina at nagsabing sila na lang daw ang magluluto.

Ano pa ba ang magagawa niya? Umalis na lang

---

siya at naglakad-lakad para makapag-isip. Doon siya umupo sa tabi ng napakalaking kahoy na nabuwal malapit sa ilog. Naengganyo rin siyang maligo. Ililigo na lang siguro niya ang sama ng loob. Pero mamaya na lang kapag madilim na para walang ibang makakita.